

**RESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
November 13, 2020 (9:58 A.M. – 11:34 A.M.)**

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Pilipinas. Narito po tayo uli sa NDRRMC Operations Center sa Camp Aguinaldo para sa isang espesyal na presidential press briefing na kaugnay po sa ginagawang rescue and relief operations ng buong gobyerno matapos po masalanta ang Metro Manila at mga karatig na lugar ng Bagyong Ulysses.

Walang maiiwan! Ito po ang direktiba ni Presidente. To quote the President, “The government will not leave anyone behind. We will get through this crisis.” Ayon sa pinakahuling report ng NDRRMC, as of 8 A.M ngayong umaga, may labindalawang katao ang namatay dahil sa Bagyong Ulysses. Bagaman ang target natin ay zero casualty, tingin ko pa rin ‘no, dahil nga po ay naghanda bago dumating ang bagyo ay nabawasan po natin ang ganitong casualties.

So kahit papaano po, binabati pa rin po natin ang ating mga mamamayan, ang ating mga local government units, kapulisan, kasundaluhan dahil sa ating bayanihan ay nabawasan po natin ang casualty.

Tingnan po natin ngayon itong susunod na infographics. Makikita po natin na si Ondoy noong 2009 ay mayroong 62 to 88 kms per hour na lakas, samantalang si Ulysses ngayong 2020 ay mayroong 118 to 220 kms per hour – mas malakas po.

[*TECH PROBLEM*] ... labindalawa ang namatay kay Ulysses at walo ang na-injured base sa initial report ng NDRRMC. Makikita natin na handang-handa ang administrasyon sa ilalim ng liderato ni Presidente Rodrigo Roa Duterte. Kay Presidente Duterte, laging handa.

Samantala, balik-operasyon naman po ngayong araw ang MRT-3, LRT-1, LRT-2 at PNR mula ngayong araw, November 13. Balik na rin sa normal ang operasyon ng EDSA Busway ngayong araw, ayon sa DOTr.

Labimpitong pantalan naman po ang nananatiling sarado kabilang na dito ang NCR North, NCR South, Bataan, Aurora, Batangas at Mindoro, ayon sa November 12, 5:30 P.M. report ng Philippine Ports Authority.

Habang nasa 7,082 search and rescue personnel naman po mula sa Philippine National Police ang nai-deploy, kabilang na po ang 1,426 [*TECH PROBLEM*] 6 A.M. Nasa mahigit isandaang libong katao or one thousand [*TECH PROBLEM*] ang nailigtas ng PNP, kasama na ang nasa mahigit 3,811 sa NCR.

Pinapaalalahanan din ng Department of Trade and Industry na base sa Republic Act 7581 or ang Price Act ang mga presyo ng mga basic commodity ay frozen sa kanilang prevailing prices sa ilalim ng automatic price control sa loob ng animnapung araw. Kabilang ang Batangas, Cavite, Catanduanes, Mindoro, Palawan, Camarines sa mga probinsiya na may price freeze.

Dito po tayo nagtatapos sa ating presentasyon. Simulan po natin ang ating mga presentasyon sa pamamagitan po ng assessment ng ating Secretary of National Defense and Chairman ng NDRRMC,

Secretary Delfin Lorenzana. Sir, ano po ang assessment ninyo sa kahandaan, preparedness and response ng ating buong gobyerno dito po sa Bagyong Ulysses? The floor is yours, Secretary Lorenzana.

SEC. LORENZANA: Thank you, Secretary Harry. Maganda iyong ating response dito dahil bago pa man dumating iyong bagyo ay nakaalerto na iyong ating mga NDRRMC - OCD, sa lahat ng mga rehiyon na tatamaan ng bagyo. Kasama na rin diyan iyong mga elemento ng Armed Forces na nakahanda. Kaya noong dumating iyong [TECH PROBLEM] at saka iyong NDRRMC - OCD. Kaya nga mabilis na nailikas iyong mga nasa [COVERAGE CUT]

SEC. AÑO: ... evacuation centers, evacuated 102,806 families and 345,119 individuals. Ito ay maaaring mas mataas sa numero ng NDRRMC sapagkat ang binabasehan ay ang nasa evacuation center. Ito iyong mga individuals na nailikas ng ating LGUs pero ang iba rito ay hindi naman napunta sa evacuation centers kung hindi sa kanilang mga kamag-anak.

Sa parte naman ng ating dead and missing, as reported 12 ang dead. Pero may bagong pasok na report, may nadagdag na dalawa. So, as of now, 14 na ang reported dead natin at tatlo na lang ang missing. Overall, the LGUs have performed their task using what resources are available to them, despite the same being inadequate, but as always, our LGUs have always carried out their mandate of saving the lives and ensuring safety of their constituents. So, iyon lang at magandang umaga.

SEC. ROQUE: Salamat, Secretary Año.

Siyempre po sunud-sunod na bagyo, malamig po iyan, maraming nagkakasakit sa panahon ng COVID. Secretary Duque, ano pong assessment natin doon po sa naging preparedness na pagbibigay ng medical attention at siyempre po iyong pag-o-observe ng mga COVID minimum health standard?

SEC. DUQUE: Maraming salamat, Secretary Roque, at aking mga kapuwa miyembro ng Gabinete. Magandang umaga po sa lahat po ng ating mga kababayan. Ang atin pong DOH Central Office at Centers for Health Development ay nagsawaga ng mga sumusunod:

- Nag-alerto rin po tayo ng mga ospital upang masiguro na masiguro na may sapat na generator sets, communication equipment at mga critical and lifesaving equipment;
- Namahagi din po tayo ng mga hygiene kits, collapsible water containers, assorted medicines and face mask to Metro Manila Center for Health Development and CALABARZON sa halagang 26.8 million at mayroon po tayong nakaantabay na mga supplies, medisina, gamot sa halagang 56.1 million pesos.
- Sa CHD-NCR ay nakapagpadala po tayo ng 2 generator sets to Amang Rodriguez Medical Center, ito po ay talagang napakamalalim ng baha at buong basement and ground floor ng Amang Rodriguez ay nabaha at kaya inilikas naman natin kaagaran ang mga pasyente sa ikalawang palapag ng gusali ng ospital.
- Iyong atin pong One Hospital Command Center facilitated transfer of some patients to other hospitals at patuloy po ang ating pakikipag-ugnayan sa mga Provincial, City, Municipal Disaster Risk Reduction Management Offices para po sa paglikas ng mga apektadong mga pamilya at mga indibidwal bunsod ng baha. At patuloy din po ang pagsisiguro ng mga health emergency response teams na sila po ay nakahanda for deployment.

- Patuloy rin nagbibigay ng mga paalala ang DOH para sa kaligtasan ng publiko gamit po ang multi-media platforms.
- Para naman po sa ating mga temporary treatment and monitoring facility na kung saan po dito ay kinakalinga ang ating mga confirmed cases ng COVID, at pinakahuling ulat po ay ang mga pasyente - 250 including patients and staff mula sa TTMFs ay nailikas na sa mga iba't ibang hotels, hospitals at mga ibang ligtas na pasilidad.
- At ang ating mga assessments teams ay nagsasagawa ng post-disaster needs evaluation para sa ospital at iba pang pasilidad kabilang ang mga TTMFs sa mga ibang apektadong mga komunidad para siguraduhin din na ang mga mamamayan na sila ay ligtas at bibigyan ng karagdagan na ayuda at tayo rin po ay magbibigay ng mga mental health services and psychosocial support to our health personnel directly affected by the typhoon, at dadagdagan din ang ating yamang taong pangkalusugan para masigurong patuloy ang pagbibigay ng serbisyo sa mga apektadong mga lugar.

Sa kabuuan po, majority ng ating DOH hospitals ay sa awa ng Diyos, fully functional and operational. At kagaya ng nabanggit ko kanina ang Amang Rodriguez ay nabigyan na ng sapat na suporta at ayuda at ang mahalaga sa lahat ay nailigtas din ang mga pasyente at nailikas sila sa mas mataas na floors ng naturang hospital.

Dahil din po sa malakas na hangin at pagbaha, ang mga ibang ospital ay hindi maiwasan nagkaroon ng power outage, nagkaroon din po ng understaffing sa ilang facilities dahil ang kanilang mga personnel ay hindi po nakapag-report for duty at naging problema rin po ang komunikasyon dahil po sa mahinang internet connection.

At ang pangwakas po ay ang aking panawagan, mula sa DOH at nakikiusap sa ating mga LGUs, primary responders at sa publiko na panatilihin ang mga sumusunod: Mahigipit i-oberba ang minimum public health standards; hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at malinis na tubig o linisin ang kamay gamit ang alcohol-based hand rub lalo na sa paghahanda ng pagkain, bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo; gumamit din ng facemask sa lahat ng oras; panatilihin hindi kukulang sa isang metrong distansiya sa pagitan ng sarili at ibang tao lalo na sa loob ng mga evacuation centers, at hangga't sa maaari isang pamilya lamang sa kada isang classroom o isang tent; panatilihin well-ventilated o maayos ang sirkulasyon ng hangin; iwasan hawakan ang mata, ilong at bibig.

Agad na komunsulta sa doktor kung magkaroon ng sintomas kagaya ng ubo, pananakit ng lalamunan, hirap sa paghinga at pagkahilo; magtalaga po ng safety officers sa mga evacuation centers; magsagawa ng symptoms screening, clinical and exposure assessment of evacuees para agarang matukoy at ma-isolate ang mga suspect at probable COVID cases; bigyan ng hiwalay na silid ang mga high-risk individuals, tulad ng mga may edad 60 pataas, may mga karamdaman, buntis, at ang mga bata; i-isolate ang mga may sintomas sa TTMF o sa hiwalay na silid or evacuation center.

Huwag nang lumabas at maglakad sa baha lalo na ang mga may sugat sa paa o ang mga may alipunga sa mga paa. Kung hindi maiiwasan, magsuot kayo ng bota o rubber boots. Sa mga lumusong sa baha, magtungo naman kayo sa mga health centers upang mabigyan ng post-exposure doxycycline or antibiotic prophylaxis kung kinakailangan para maiwasan po ang nakamamatay na leptospirosis.

Siguraduhing malinis ang inuming tubig at ang ating mga nakahandang pagkain. Pakuluan ang inuming tubig nang tatlong minuto; hugasan nang mabuti ang ating mga sahog at lutuing mabuti ang ating pagkain.

So, patuloy po ang ating pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa ating mga health emergency response teams sa mga local government units, centers for health development at iba pa pong national government agencies for updates.

So together, malalampasan din natin ang lahat ng pagsubok na ito. Maraming salamat po lalung-lalo na sa lahat po ng mga yamang-taong pangkalusugan nang walang patid, walang humpay ang kanila pong pagtugon sa mga pangangailangang pangkalusugan ng atin pong mga apektadong mga kababayan.

Magandang umaga po.

SEC. ROQUE: Salamat, Secretary Duque.

Siyempre po, pagkatapos ng bagyo ay maraming mga nasirang mga tulay, mga kalye. So, kasama po natin si Secretary Mark Villar. Sir, ano po ang mga nadanyos na imprastraktura natin dahil sa Bagyong Ulysses?

SEC. VILLAR: Sa ngayon po, mayroon tayong 52 road sections na sarado pa sa traffic dahil sa landslide, mudflow, debris flow, fallen trees at sa baha: Fourteen sa CAR; one in Region [I: 13](#) in Region II; eight in Region III; seven in Region IV-A; eight in Region V; and one in Region VIII.

At 19 po ang national roads na may limited access: Dalawa po sa Region II; lima sa Region III; sampu sa Region IV-A; at dalawa po sa Region V. This is due to flooding and scoured bridge approaches.

At ito po ang updates sa clearing ng road section. Umabot po ng 92 po ang closed road sections pero 40 po ang na-clear kaya 52 na lang ang naiwan. Ang target po namin is that majority ng mga road sections ay maki-clear by tomorrow. Kasama po sa protocol natin ang repositioning ng mga assets ng DPWH, kaya bago po dumating ang bagyo nakapag-reposition na kami ng almost 3,000 na manpower and 483 vehicles.

At ngayon po, mayroon po kaming preliminary estimate of damages as of 9 A.M. today. Iyong nakalagay po sa TV, mayroon po akong bagong update. Sa ngayon po, P4.25-Billion ang cost of the damages of Typhoon Ulysses. At ito po ang mga road sections, specifically na closed sa ngayon.

Sa CAR po, iyong Claveria-Calanasan Road; Sa Benguet, Cong. Andres Acop Cosalan Road, Gov. Bado Dangwa National Road; Sa Ifugao, Banaue-Mayoyao-Alfonso Lista-Isabela Road; at ang Nueva Vizcaya-Ifugao-Mountain Province Road; Sa Ifugao, Kiangan-Tinoc-Buguias Road; Sa Benguet, iyong Baguio-Bua-Itogo Road; Sa Apayao, Apayao-Ilocos Norte Road at iyong

Conner-Kabugao Road; Sa Lower Kalinga, Tabuk-Banawe Road; Sa Upper Kalinga, iyong Mountain Province Boundary-Calanan Road; Sa Mountain Province, iyong Talubin-Barlig-Natonin Road; Sa Mountain Province 1st District, Baguio-Bontoc Road and the Mountain Province-Cagayan via Tabuk-Enrile Road.

Sa Region I po, iyong Manila North Road sa Barangay Pancian, Pagudpud.

Sa Region II, Junction Logac-Magapit Road; Junction Gattaran-Cumao Road, Baybayog-Baggao-Dalin-Sta. Margarita Road; and Cagayan Valley Road. Sa Region II, pati iyong Cagayan Apayao road, Cagayan Valley Road and Cabagan-Sta. Maria Overflow Bridge; Iyong Ilagan-Delfin-Albano Road; at iyong Bambang-Kasibu Road. Iyong Manila North Road also in Sta. Praxedes, Cagayan; Sa Quirino po, iyon San Pedro Overflow Bridge; at iyong Cordon-Aurora Boundary Road

Sa Region III, Nueva Ecija-Aurora Road and the Baler-Casiguran Road; sa Nueva Ecija, Baong Spillway, Labi Bridge, Gabaldon Road. Sa Bulacan, Sta. Maria-Norzagaray Road; General Alejo Santos Highway.

Sa Region IV-A, Marikina-Infanta Road, Talisay-Laurel-Agoncillo Road; Sa Cavite, iyong Tagaytay-Taal Lake Road; sa Quezon, Gumaca-Pitogo Road, Lopez-Catanuan Road, Catanuan-Buenavista Road, Nabua-Balatan Road, Milaor-Minalabac Road, iyong Sto. Domingo-Buhatan Road, the Catanduanes Circumferential Road. Sa Camarines Norte, iyong Talobatib-Panganiban Poblacion Port Road, Daang Maharlika Road sa Camarines Norte, Gahonon Road, Tinambac-Siruma Road. Jaro-Dagami Road sa Leyte.

So, ito po iyong mga roads na sarado ngayon. Again, ang target po natin—ongoing po iyong clearing operations and of course iyong installation ng mga warning signs, tuluy-tuloy pa rin. And we expect that by this weekend halos lahat po ng mga road sections ay clear na po.

Isa pa, iyong mga bridges may nakita po tayong bridges dito, iyong Marcos Bridge sa Marikina na natamaan po ng barge at based sa initial findings namin, iyong superficial lang po ang damage, hindi pa structural pero gumagawa pa rin kami ng analysis. Pati iyong sa R10 Bridge na natamaan po ng barko, nasira lang iyong railings but structurally so far wala pa kaming nakikitang damage.

Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Villar.

Siyempre po, matapos na naman ang pangalawang bagyo, maraming lugar ang nawalan ng kuryente. Kasama po natin si Sec. Cusi ng Department of Energy. Sir, ano po iyong mga lugar na wala pa pong kuryente? At gaano po kaya kabilis maibabalik ang kuryente sa mga lugar na ito. The floor is yours.

SEC. CUSI: Salamat, Secretary Roque. Maganda pong umaga sa ating lahat. Kagaya po ng na-report ng ating mga kasamang naunang nag-report, ang DOE po ay nakahanda bago dumating ang Bagyong Ulysses and nagkaroon po ng ugnayan ang lahat ng industry players from generation, transmission, distribution, including the oil companies, to make sure that we are ready and we are able to continue servicing the public.

Ngayon po, doon sa parte ng preparation dito sa generation companies, nagkaroon po tayo ng preventive shutdown affected by the typhoon. As of 8:30 today, of the 4,558 megawatts na na-shutdown po natin para po for safety reason, ang 2,953 are back already in operations supplying power. Still on shutdown and just awaiting dispatch instruction from NGCP is equivalent to 1,577 megawatts and still ongoing shutdown is 28 megawatts.

Iyon po, equivalent po ito ng 15 power plants na nag-preemptive shutdown for safety reason. So, ito pong 11 are back in service at three are in operation and awaiting dispatch instruction from NGCP and one is ongoing restoration.

Doon naman po sa dam, ang San Roque nga po na-report po natin kanina nagkaroon tayo ng pagri-release ng water dahil tumaas na po ang lebel and this was done safely and mino-monitor po hanggang sa ngayon.

On the affected transmission line, ang sa North Luzon po, at least 6; sa Cabanatuan at Mexico, Pampanga, tatlo po; tatlong 69KV line ang still out, hindi pa po gumagana; and sa South Luzon po, itong [unclear] Gumaca-Los Baños, isang 13.8 KV line at dalawa pong 69KV line.

Sa kasalukyan po, ang NGCP nagko-conduct ng aerial at foot patrol para po ma-assess lahat kung ano po ang na-damage. There were 44 transmission towers that were affected and as of four o'clock this morning, 30 are already back in service.

Para naman po maproteksyunan ang ating consumers at customers sa pagsipa ng presyo dahil nga po sa sitwasyon, nagkaroon na po tayo ng market intervention. Kinontrol na po natin iyon para po sa ganoon hindi na po maapektuhan ang ating mga consumers.

Doon po naman sa mga areas serviced by our electric cooperatives [Technical difficulties] Ito po iyong sa Quezon, Pampanga, Benguet, Ifugao, Zambales, Aurora, Pangasinan, Isabela, Quirino, Catanduanes at iba pa. Ito po siniserbisyo po ng 46 electric cooperatives po. Anim are back in service already, 18 partial, 18 total stage shutdown and apat po ang hinihintay namin ang report nila. So minamadali po ito at dito po sa area na sinabi ko sa Quezon, Pampanga, Zambales, Catanduanes - dito po nagkaroon po tayo ng bayanihan, nagtulung-tulong po at even Meralco dispatched their own linemen to help restore power.

Ngayon dito po naman sa atin, dito sa Meralco franchise area as of 6 A.M. today the estimated number of Meralco customers without power is 501,272. This is down from 1.9 million – 1,900,000 initially noong nawalan ng ilaw. Again, ang iba rito, dahil nga sa preventive measure o preemptive action na para hindi po naman makadulot ng pinsala sa buhay ng mga kababayan natin, iyon po talaga intentionally some of them, pinatay po natin ang power for safety reason. Ngayon po itong Meralco po, they have been

doing their work and in fact around 4,000 linemen of Meralco are performing 24/7. So as early as November 11 they are already restoring power in some areas na kayang i-restore. Pero doon po sa mga baha, pagpapasensiyahan po muna ninyo at talagang kailangan din po natin i-consider ang safety po ng lahat, including po the linemen 'no.

Doon po naman sa Task Force Kapatid, ito po naman iyong under the service area of NEA and PHILRECA, now tulung-tulong po ito. Sabi ko nga po kanina na pati po Meralco nagpadala na po ng mga tao doon para makatulong at ma-restore agad ang power. As mentioned earlier, NGCP is currently assessing and restoring the transmission service through aerial and foot patrol. Dito po naman sa Metro Manila, itong franchise area po ng Meralco kasama na po ang Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna – ang target date po natin lahat dito na ma-restore ang power is November 15. So iyon po ang atin ginagawa ngayon.

Ngayon dito po sa Task Force Energy Resiliency, 24-hours duty po kami rito at nakakatanggap din po kami ng mga paghingi ng tulong katulad po iyong mga na-stranded sa roof dito sa Marikina. Iyon po naman ipinasa po namin sa DILG, kay Secretary Año and as reported and we're happy to note that na-save naman po lahat. Kasi ang DOE po wala pong kakayahan to do this, iyong sa mga bahang trabaho. So salamat sa DILG at na-save naman po natin iyong ating mga mamamayan.

Iyon lang po. Maraming salamat, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Salamat, Secretary Cusi. Sir, request lang ni Joseph Morong ng Malacañang Press Corps, kung puwede daw ho pahingi na lang noong stats kasi mahirap daw masundan. So if we could just request after the press briefing po so we can *[overlapping voices]*

DOE SEC. CUSI: Usec. Wimpy will provide all those details.

SEC. ROQUE: Okay, thank you, sir. At siyempre po dahil maraming nasalanta sa bagyo, kasama rin po natin ang DSWD Undersecretary Felicisimo Budiongan. Sir, gaano karaming tao ang nabigyan natin ng tulong sa panahon po noong Bagyong Ulysses? The floor is yours, sir.

DSWD USEC. BUDIONGAN: Maraming salamat, Secretary Roque. At sa lahat ng mga nandito, isang maganda at maaliwalas na umaga sa ating lahat. Maayong buntag.

Ang DSWD po bilang isang national government agency ay may mandatong makapagbigay ng technical assistance at resource augmentation or ang tinatawag naming TARA sa mga local government units sa kanilang pagtugon sa kalamidad katulad ng pag-augment ng family food packs para maipamahagi po sa mga apektadong pamilya. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng TARA, tinutulungan ng DSWD ang mga LGUs na mapabuti pa ang pagbibigay ng serbisyo sa kanilang mga nasasakupan lalo na sa oras ng kalamidad.

Mayroon po tayong mga tauhan doon sa municipal, city and provincial level, ito ang tinatawag natin na mga municipal link, city link and provincial link. Ito ay embedded doon sa LGU, sila ang nagbibigay po ng technical assistance doon sa mga local social worker. Sila ay either social worker or development officers. Nagsimula na po ang ahensiya na magbibigay ng karagdagang food and non-food items sa mga apektadong lokal na pamahalaan nitong Bagyong Ulysses upang agad na matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga nasasakupan.

Patuloy din ang isinasagawang repacking ng family food packs doon sa ating National Resource Operation Center, doon sa Pasay City, ito iyong disaster hub natin dito sa Luzon at sa mga Regional Disaster Resource Operation Center, sila din po ay nagri-repack upang masiguro na sapat ang maipapamahagi na relief goods sa mga apektadong pamilya.

Now, ano na ba ang paunang tulong na naibigay natin sa ating mga local government units, sa mga biktima nitong bagyong ito? Nagsimula na ang DSWD na magpahatid ng tulong sa mga lokal na pamahalaan at mga pamilya na naapektuhan ng Bagyong Ulysses. Sa katunayan po, ang National Resource Operation Center kung saan naroon ang main disaster hub ng DSWD ay nagpadala na ng 1,000 family food packs at 250 sleeping kits sa Barangay Silangan, Quezon City at 1,400 family food packs sa Marikina City.

Sa CALABARZON naman po, ang DSWD Field Office IV-A ay naghatid ng 2,000 family food packs sa San Mateo, Rizal. Kahapon rin ay nagbahagi ng family food packs ang DSWD Field Office V kasama ang ating mga tauhan doon, kasama ang Department of Agriculture at si Mayor Noel Rosal sa mga pamilyang apektado sa Legazpi City, Albay. Mayroon ding karagdagang 8,300 family food packs at 150 modular tents mula sa DSWD Central Office na kasalukuyang in transit papunta sa Legazpi, Albay at 1,700 family food packs sa Camarines Norte.

Ang DSWD Field Office II ay nagbigay ng 870 family food packs doon sa local government unit ng Sta. Teresita, Cagayan upang maibsan ang paghihirap ng mga apektadong fisherfolks doon. Mayroon din pong nangyaring encounter doon sa Barangay Lahing, Macalelon, Quezon at mayroon tayong mga internally displaced persons doon na 70 families na nag-evacuate, napadalhan na po natin sila ng kaukulang suporta at family food packs.

Ang Field Office I ay nagpadala ng 1,000 family food packs doon sa kanilang satellite warehouse sa Urdaneta City, Pangasinan upang mapalapit ang pagbigay ng augmentation support sa mga LGUs doon. Nag-preposition din tayo ng mga family food packs sa NCR para mapalapit din ang pagbibigay ng family food packs lalo na dito sa Marikina at Pasig. Tuluy-tuloy din po ang ating pamimigay ng mga family food packs at non-food items katulad po ng sleeping kits, hygiene kits at mga tents at saka mga laminated sacks doon sa disaster area.

Kahapon, pauna lang po iyon. Ang talagang relief operation ... kasi kahapon we're still on the search and rescue mode. Ngayon po ay relief mode na tayo so ngayong araw po na ito lalo na sa Region III, pupunta doon ang ating Kalihim upang kaniyang makita personal na mabigyan talaga lahat ng tulong iyong ating mga kababayan doon sa Region III. At lalo na dito sa may San Mateo, Rodriguez kailangan din ng relief operations ngayong araw na ito.

Before ako magwakas, ako ay nagpapasalamat po, ang Kagawaran po ng DSWD ay nagpapasalamat po sa DBM dahil nabigyan na po kami ng augmentation para tuluy-tuloy po ang pamimigay natin ng tulong at suporta sa mga local government units, sa ating mga uniformed service, iyong ating Philippine Air Force dahil nagagamit natin iyong kanilang mga C-130, C-295 in transporting our family food packs doon sa mga malalayong lugar. Ang ating mga kapulisan ay tumutulong po sa atin sa ating mga evacuation centers para mapanatili ang law and order doon sa mga evacuation centers ngayon. At saka sa Philippine Coast Guard sa pagtulong sa atin sa pagpagamit ng kanilang mga vessels.

At sa wakas, on behalf of our Secretary, kami po ay patuloy sa pagbibigay nang maagap at mapagkalingang serbisyo, serbisyong may malasakit at serbisyong may puso. Daghang salamat.

SEC. ROQUE: Salamat, Undersecretary Budiongan. Kasama rin po natin ngayon ang hepe po ng Search, Rescue and Retrieval Cluster, wala pong iba kung hindi si AFP Chief of Staff Gilbert Gapay. Sir, nakita po namin sa balita, napakadaming nasa bubong ng mga bahay. Ano po iyong mga hakbang na ginawa natin para ma-rescue po natin itong ating mga kababayan? The floor is yours, General Gapay.

GENERAL GAPAY: Yes. Maraming salamat, Secretary Harry Roque. Magandang umaga po sa ating lahat. On my part I'll be giving updates and the actions taken of the Search, Rescue and Retrieval Cluster kaugnay nitong pagsalanta ng Bagyong Ulysses. I'll be giving an overview of the actions of the cluster. Nais ko lang banggitin ang mga member-agencies natin – we have the Bureau of Fire, ang Coast Guard natin, PNP, DOH particularly iyong kanilang Health Emergency Management Service, DILG kasama po natin diyan, OCD and Red Cross at ang MMDA – ito po ang mga bumubuo ng Search, Rescue and Retrieval Cluster and my presentation will follow this sequence.

So on our response actions, kasama po sa aming paghahanda at planning patungkol dito sa Bagyong Ulysses, kami po ay nag-participate sa Pre-Disaster Risk Assessment and Emergency Planning meetings ng mga iba't ibang local DRMMCs sa mga affected na region. Kasama na po rito iyong assistance ng SRR cluster sa preemptive evacuation ng ating mga kababayan. Then tumulong din po tayo sa issuance ng advisories and risk communications, nag-preposition po tayo, nag-mobilize and deployed search and rescue teams and resources. Then of course iyong ating actual conduct ng search, rescue and retrieval operations in affected areas particularly iyong hardest hit po natin sa Bicol Region, Quezon and maging dito sa NCR po.

Then we provided assistance to LGUs and other response clusters. Of course, kasama po sa SOP natin is ensuring the safety noong personnel and assets natin. Ayaw na po natin na maging biktima rin iyong ating first responders sa ganitong mga panahon and ngayon po we remain vigilant and we continuously monitor ang possible rise of waters and landslides and iyong aftermath nitong Typhoon Ulysses.

Let me now discuss iyong details po ng ating search, rescue and retrieval operations. So ang AFP po ay nakapag-rescue ng 2,716 individuals sa NCR, Rizal and Bicol Region. Mayroon din po tayong naligtas na 11 na injured persons and mga namatay po, walo po ang na-recover natin sa Bicol, sa CALABARZON and Zambales at mayroon pa pong reported na missing na siyam sa Camarines Norte at Batangas. Ang Bureau of Fire naman po ay nakapagligtas ng 18,206 na individuals at nakapagligtas din ng apat na injured sa Dasmariñas, Cavite and sa Bicol Region. Mayroon din pong na-retrieve na limang namatay po ang ating BFP sa Cavite, sa Bicol at sa Benguet at mayroon pong isa na reported missing sa Malvar, Batangas.

Ang MMDA naman po ay nakapagligtas ng 137 individuals. Ang ating Coast Guard 9,678 ang kanilang nailigtas na mga kababayan natin at ang PNP 107,535 po. So all in all ang ating Search, Rescue and Retrieval Cluster ay nakapagligtas ng 138,272 na mga kababayan natin. Mayroon din pong 40 na mga nasugatan at mga injured na ating nailigtas. Naka-retrieve po tayo ng mga 39 na po total cadavers. Kanina po pumasok iyong ating data galing sa PNP, mayroon po silang na-retrieve na 26 na mga namatay na mga kababayan natin at labindalawa po ang missing – for a total of 39 dead and 22 still missing.

At ito po iyong na-deploy natin ng resources at mga SRR teams. All in all there are a total of 800 SRR teams at almost 14,000 na land mobility assets. Mayroon po tayong 11 na air assets – 9 sa Philippine Air Force at dalawa pong helicopter ng Coast Guard ang ating na-utilize dito po sa search, rescue and

retrieval operations natin. At there are a total of 318 rubber boats, watercraft and naval assets na ating nai-deploy sa kasagsagan po ng Bagyong Ulysses.

Bukod dito sa na-deploy na natin, mayroon pa po tayong naka-standby na mga search and rescue teams at maging mobility assets natin. So AFP 145, sa Coast Guard may 16 pa tayong SRR teams at nandiyan din po iyong ating mga land, air and sea assets na ready for deployment pa rin. Ang Bureau of Fire mayroon din silang naka-standby deployable na mga personnel and assets. So all in all po mayroon tayong 268 na SRR teams at iba't ibang mobility assets galing sa Bureau of Fire. Sa MMDA naman po, ito rin ang kanilang naka-standby na deployable personnel and assets. So naka-ready po, kung mayroon pa tayong lugar na nangangailangan, mayroon pa tayong naka-ready and deployable SRR teams and assets.

Ito naman po iyong mga action photos natin sa kasagsagan noong Typhoon Ulysses. Ito po preemptive evacuation sa Albay then ito po iyong ating SRR operations sa Marikina, sa Camarines Sur. Then iyong reservist po natin na kasama rin po, na-mobilize natin. Kasama iyong kanilang sariling amphibious vehicle, na-deploy po natin iyan sa Marikina. Then ito rin po iyong SRR operations natin sa Libmanan, Camarines Sur and Milaor, Camarines Sur.

Then sa kasagsagan po ng bagyo mayroon po tayong napaanak na isang kababayan natin, si Ms. Noralyn Ilagan sa Pasacao, Camarines Sur. Nanganak po siya sa loob ng isang military truck natin. Marahil alam na natin kung anong ipapangalan niya sa kaniyang baby. Malamang Ulysses ang pangalan.

Ito naman po Kaninang madaling araw lang dito po sa Cainta, Rizal mayroon din po tayong mga kababayan pa roon na ni-rescue natin, ng ating SRR teams at sa Rizal naman po na-deploy natin maging iyong amphibious assault vehicle ng ating Philippine Marines nai-deploy natin sa Rizal dahil sa taas ng tubig at sa lakas ng agos ng baha, nahirapan po iyong mga rubber boats natin and ating watercraft kaya nag-deploy po tayo nga amphibious vehicle doon at marami din po tayong nailigtas sa paggamit nitong ating amphibious assault vehicles ng ating Philippine Marines.

Then nag-conduct din po tayo ng aerial survey gamit ang Air Force at Coast Guard helicopters natin kahapon. And of course, tumutulong din tayo sa ibang clusters particularly sa food and non-food cluster natin, particularly sa DSWD sa pag-repack and distribution ng relief goods. Ito ho sa Camarines Sur, sa Bicol Region.

Then ito po ay ilang mga pictures din sa Bulacan and Cavite. Then MMDA, kasama rin po sila sa search and rescue operations particularly sa Bagong Silang, Quezon City and Marikina. Then ang PNP po, sa Isabela, Rizal, kasama po sila sa search and rescue, retrieval ng SSR Cluster. Ang Coast Guard po sa Marikina then ito po iyong ating pagtulong sa ibang response cluster particularly sa food and non-food item cluster. We expect delivery of relief goods sa ating affected areas, tutulong po tayo diyan.

At tumutulong din po tayo sa Transport Logistics Cluster, sa pag-clear ng mga kalsada at mga bridges. Sa Pagudpud, Ilocos Norte tapos na po iyan, nabuksan na natin. Ang Bureau of Fire naman tumutulong din sa Regions I, V, at sa CAR upang maging passable itong mga kalsada natin. Then ang MMDA dito po sa Metro Manila tumutulong din sa clearing noong mga kalsada.

So, ito po iyong ibang pictures ng ating road clearing operations in support to DPWH. Sa Ilocos Norte and Laguna then ito po, sa Camarines Sur, then sa Baguio din po, Ifugao Benguet. Then sa Marikina and Intramuros.

So, hindi po titigil ang SRR Cluster diyan, patuloy po ang ating search, rescue and retrieval operations dahil mayroon tayong mahigit 20 na kababayan na reported missing, hahanapin po natin sila and then tuluy-tuloy po iyong assistance natin para sa rapid damage assessment at needs assessment ng local DRRMCs.

Patuloy po ang pag-deploy natin for relief and rehabilitation operations; patuloy din po ang tulong ng SRR teams natin sa pag-clear ng roads and bridges and re-establishment of communications particularly doon sa severely affected areas, at ang SRR Cluster po ay ni-launch natin itong Tulong Bayanihan Campaign para doon sa voluntary relief donations. Iyong ating mga units sa field ay magiging drop-off points para doon sa mga kababayan nating nais tumulong.

So, iyon lamang po ang update mula sa Search, Rescue, and Retrieval Cluster. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Salamat, Chief Gapay. Babalikan ko po mamaya ang ating kapulisan at ang ating Coast Guard. Pero marami po ang nagtatanong sa mga estado ng ating mga airports, kasama po natin walang iba po kung hindi ang aking matalik na kaibigan, si Captain Jim Sydiongco ng CAAP. Sir, ano po ang bukas, anong saradong mga airport, anong mga mayroong nadanyos pong mga airport at gaano po kabilis maaayos ito? The floor is yours.

DG SYDIONGCO: Maraming salamat ho, Secretary Roque at saka magandang umaga sa members ng NDRRMC Council, sa lahat ng nanunood.

As a preventive and pre-emptive action po, nagsuspende po tayo ng mga operations sa mga airport na malapit doon sa dinadaan ng typhoon and then as soon as humupa po iyong epekto ng bagyong ito, nagkaroon tayo ng risk assessment. Awa naman ho ng Diyos, very minimal ho ang damage at naging operationally ready ho lahat itong mga airports na dinaanan ni Typhoon Ulysses.

They are all ready for medical, military and commercial operations. As a matter of fact ho, out of 49 commercially served airports, mayroon tayong 20 airport destinations that are being served now and kahapon nga ho, there were already about 61 international flights and 117 domestic flights. So, in short ho, lahat ho ng airport natin ay operationally ready. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Thank you, Captain Sydiongco. If only because it is his initial appearance as Chief of PNP, Police General Debold Sinas, ano pong assessment ninyo sa naging partisipasyon ng ating kapulisan bagama't na-report na po ni Chief Gapay iyong report ng Search and Rescue

Cluster, ano po iyong naging mandato ninyo sa ating kapulisan and ano po ang assessment ninyo?

GENERAL SINAS: Salamat po, Secretary Harry. Sir, thank you very much for all your support, sir. Nasabi na po ni Chief-of-Staff ng AFP ang karamihan po sa data, ay similar po iyong data namin dahil iyon din po ang ibinigay namin sa kaniya.

Ang maidagdag po namin doon ay lahat ng evacuation centers po na na-establish dito sa buong bansa ay sinecure po iyon ng mga kapulisan natin. May mga help desk po kaming inilagay doon. Pangalawa, iyong health service personnel namin, were also augmented to the different evacuation centers lalo na talaga iyong naapektuhan dito sa NCR, diyan sa Maynila, diyan sa may Rizal, diyan sa may San Mateo at saka Rodriguez. So, lahat po iyan ay naibigay na po namin.

We have the same similar data po doon pagdating sa mga evacuations, sa centers po ay pareho po. As of 6 A.M. today sir, ang sa NCR po, we have the aerial helicopter survey po ngayong 8 A.M., lahat po ay passable na po. Kailangan lang ng kaunting clearing at saka iyong mga putik at saka dumi, but accordingly, iyong mga pulis po natin nagpatrolya, ay passable na po.

As to the casualty, sir, as of six o'clock nito, we have the same records po ng Army. We have 26 died, 25 injured, ang missing na lang po ay 12. Ang sa namatay po, kung tatanungin ninyo by region, sa NCR po, dalawa po ang recorded; sa Region II, pito; sa Region III, tatlo; sa Region IV-A, siyam; sa Region V, tatlo; at sa CARAGA Region, dalawa.

Sa injured recorded/reported po sa amin - sa Region III ay walo; sa IV-A, siyam; sa Region V, walo. Sa mga reported missing po - sa NCR po, isa; sa Region II, anim; sa Region III, isa; sa IV-A, isa; Region V, tatlo. May mga pangalan po tayo nito sir, kung gusto ninyo po ay ibibigay po namin sa inyo.

Again, iyong mga evacuation centers ay mayroon na po kaming ayuda doon at kung gusto ninyong makita sir, nandiyan po iyong mga action photo namin. Ako, I visited and help really the evacuation dito sa may Marikina, San Mateo area po sir. Tama po iyong sinabi ni SILG, na at three o'clock na-evacuate na po lahat iyong nasa bubong.

